


Attendance Works

# Tulungan ang Inyong Anak na Magtagumpay sa Paaralan: **Buuin nang Maaga ang Pag-uugaling Hindi Pagliban sa Klase**

## ALAM BA NINYO?


- Simula sa preschool at kindergarten, ang napakaraming pagliban sa klase ay maaaring magdulot sa mga batang hindi makahabol sa pag-aaral.
- Sa hindi pagpasok sa 10%, o tinatayang 2 araw kada buwan sa buong taon ng pasukan, nagiging mas mahirap ang matutong magbasa.
- Maaari pa ring mahuli ang mga estudyante kunug hindi sila nakakapasok ng isa o dalawang araw kada ilang linggo.
- Ang pagiging huli sa pag-aaral ay maaaring mauwi sa hindi magandang pagliban sa klase.
- Ang mga pagliban at pagkahuli sa klase ay maaaring makaapekto sa buong klase kung kailangang bagalan ng guro ang pagtuturo upang matulungang makahabol ang mga bata.

**Ang regular na pagpasok sa klase ay nakakatulong sa mga batang mas bumuti ang pakiramdam sa pag-aaral—at kanilang mga sarili. Simulan ang pagbuo ng pag-uugaling ito sa preschool nang sa gayon ay agad nilang matutunan na ang pagpasok sa paaralan sa oras, araw-araw ay mahalaga. Sa kalaunan, ang hindi pagliban sa klase ay magiging kasanayang makakatulong sa kanilang magtagumpay sa high school at sa kolehiyo.**

## ANG MAAARI NINYONG GAWIN

- Magtakda ng regular na oras ng pagtulog at regular na gawain sa umaga.
- Ilatag ang mga isusuot at ihanda ang mga backpack sa gabi.
- Panatilihing malusog ang iyong anak at tiyakin na ang iyong anak ay nabigyan ng mga kinakailangang bakuna.
- Ipakilala ang iyong mga anak sa kanilang mga guro at kaklase bago magsimula ang pasukan.
- Magkaroon ng mga pang-backup na plano sa pagpasok sa paaralan sakaling may mangyari. Tawagan ang isang miyembro ng pamilya, kapitbahay, o iba pang magulang.
- Subukang mag-iskedyul ng mga medikal na appointment at mga pinalawig na biyahe kapag walang pasok.
- Kung mukhang nababalisa ang inyong anak tungkol sa pagpasok sa klase, makipag-usap sa mga guro, counselor sa paaralan at iba pang mga magulang para sa payo tungkol sa kung paano magiging kumportable ang inyong anak at nasisiyahan sa pag-aaral.
- Kung nag-aalala kayo na maaaring mayroong nakakahawang sakit ang inyong anak, tawagan ang inyong paaralan o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa payo.
- Kung dapat manatili sa bahay ang iyong anak dahil sa sakit, humingi sa guro ng mga mapagsasanggunian at ideya upang maipagpatuloy ang pag-aaral sa bahay

## Kailan Nagiging Problema Ang Pagliban sa Klase?



**TALAMAK NA PAGLIBAN SA KLASE**
18 araw o higit pa

**MGA PALATANDAANG BABALA**
10 hanggang 17 araw

**KATAMTAMAN**
9 na pagliban o mas kaunti pa

Tandaan: Sa mga bilang na ito, ipinagpapalagay ang 180 araw ng pasukan.

**Binago Hunyo 2024**

Bumisita sa Attendance Works sa **www.attendanceworks.org** para sa libreng maida-download na sanggunian at kasangkapan!